Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-26 NG ENERO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 024-T'2000

KAPASIYAHANG SINUSUPORTAHAN ANG KAPASIYAHAN BLG. 2-T'2000 NG BARANGAY SANTO ANGEL NORTE, SANTA CRUZ, LAGUNA NA HILINGIN SA KGG. RODOLFO BIAZON, SENADOR NG BANSA NA MAIPAGAWA AT MAPONDOHAN ANG FARM-TO-MARKET ROAD NA SAKOP NG NASABING BARANGAY NA MAY PAGTATAYANG HALAGANG DALAWANG MILYONG PISO (P2,000,000.00).

**SAPAGKA'T,** iniliwat ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte sa sangguniang ito ang kanilang Kapasiyahan Blg. 2-T'2000 na tulungang suportahan at ipaabot sa Kgg. Senador Rodolfo Biazon ang kanilang kahilingang maipagawa at makahingi ng kaukulang halaga para sa pagpapagawa ng farm-to-market road;

**SAPAGKA'T,** malaking tulong ito sa nabanggit na barangay upang matulungan ang mga mamamayan nito sa mabilis na pagdadala ng mga kalakal sa pamilihang bayan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa kapakanang pampamayanan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na suportahan ang Kapasiyahan Blg. 2-T'2000 ng Barangay Santo Angel Norte, Santa Cruz, Laguna na hilingin sa Kgg. Rodolfo Biazon, Senador ng Bansa na maipagawa at mapondohan ang farm-to-market road na sakop ng nasabing barangay na may pagtatayang halagang P2,000,000.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Senador Rodolfo Biazon, GSIS Complex, Lungsod ng Pasay, Kgg. Punong Bayan at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:** HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan